289

DepEd-MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED
Date: 7/25/14 Time: 3:14PM
By: Annabelle

Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon x-Hilagang Mindanao
**SANGAY NG LUNGSOD NG MALAYBALAY**
Cor.Don Carlos and Guingona Sts..., Malaybalay City

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 214 s. 2014

**BUWAN NG WIKA 2014**

**PARA SA:** TAGAMASID PAMPOOK
Pandistritong Filipino Koordineytor
Punong guro /Ulongguro ng mga PaaralangPampubliko
Elementarya at Sekundarya
Sangay ng Malaybalay

**BUHAT KAY :** EDILBERTO L. OPLENARIA
Tagapamanihala ng Paaralan

**PAKSA:** **ADDENDUM AT CORRIGENDUM SA MEMORAMDUM PANSANGAY BLG. 183 s. 2014 RE: BUWAN NG WIKA 2014**

**PETSA:** Hulyo 25, 2014

1. Alinsunod sa pagdiriwang sa Buwan ng Wika 2014, ang Sangay ng Malaybalay ay magkakaroon ng Pansangay na Patimpalak sa sumusunod na Tagisan sa Elementarya at Sekundarya batay sa tema ng pagdiriwang " Wika ng Pagkakaisa." na gaganapin sa Agosto 26, 2014 8:00 ng umaga sa Paaralang Sentral ng Linabo, Silangang Distrito ng Malaybalay. Ang mga sumusunod na tagisan:

1.1.Pagtatalumpati 3.2.Paggawa ng Slogan 3.3.Masining na Pagkukuwento

2. Kalakip sa Memorandum na ito ay ang tuntunin at pamantayan sa paligsahan sa mga kasunod na enklosyur.

3. Para sa karagdagang kaalaman at impormasyon kalakip nito ang Memorandum Panrehiyon Blg. 46, s. 2014 re: Buwan ng Wikang Pambansa 2014.

4. Nakasaad sa Pansangay Memorandum bilang 3 ang pagsumite ng Ulat Narativ ay **bago** mag **Setyembre 8, 2014.Ang pagsusumite nito ay sa hard copy at soft copy** kalakip ang mga larawang dokumento sa lahat ng mga gawaing magaganap sa buong buwang pagdiriwang sa bawat paaralan ng distrito.

5. Ang pamasahe ng mga kalahok papunta at pabalik para sa Gawain ay manggagaling sa pondong lokal na dapat sumasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsususri.

6.Lahat na magsisidalo ay inaasahan na magsusuot ng Kasuotang Filipiana.

7. Hinihiling ang maaga at malawak na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**Inklosyur Blg.1 Memorandum Pansangay Blg._____ s. 2014**

**1.PANUNTUNAN:PALIGSAHAN SA PAGTATALUMPATI**

1.1.Bukas ang timpalak sa mga mag-aaral sa Elementarya at sa Sekundarya. Ang kampyon sa distrito ang siyang kumakatawan sa tagisan sa kategorya ng Elementarya at pandistritong kampyon sa kategorya ng Sekondarya.

1.2. Ang oras ng pagtatalumpati ay limang (5) minuto hanggang pitong (7) minuto lamang. Kung ang pagtatalumpati ay kulang o sobra sa oras na ibinibigay babawasan sila ng dalawang puntos (2) kada minuto mula sa puntos na kanilang nakuha sa kada hurado. Ang time keeper ay magbibigay ng senyas sa mga kalahok sa pamamagitan ng de kulay na flaglet na nangangahulugang: **green** (Dalawang minuto na lang ang natira) **Yellow** ( isang minuto na lamang ang natitira) at **red** (wala 0 minuto na ang natira).

1.3.Walang voice amplifying o enhancing systems ang maaring gagamitin.

1.4. Ang pagkaltas /pagbawas ng mga puntos ay gagawin lamang ng Tserman ng Board of Tabulators at kailangang pinahihintulutan /sinang-ayunan ng mga hurado.

1.5. Ang coach /tagapagsanay ng bata ay magbibigay ng 3 kopya ng piyesa sa mga hurado bago ang pagsisimula ng paligsahan.

1.6. Ang desisyon ng mga hurado kung inaanunsyo /iprinoklama na ay pinal at di-mababago.

**Krayteria sa Paghuhusga:**

A. Nilalaman

1. **Napapaloob na impormasyon** **25%**

(Kaalaman ng kalahok sa paksa, kabuluhan ng pagtatalumpati)

2 .**Kabuuan/Kaisahan** **20%**

(simula na makapukaw interes,organisadong gitna/katawan at maayos na pagwawakas)

**3.Gamit ng Wika** **15%**

B. Pagbigkas

**4. Tinig/boses** **20%**

(Kalidad,pagkakaib-iba at naintindihan kasama na ang kalinawan at tamang bigkas) **Inklosyur Blg.2 sa Memorandum Pansanagy Blg._____ s. 2014**

5. **Kilos at galaw** **15%**

(Ekspresyon ng mukha ,eye contact,kumpas ng kamay, galaw ng katawan ,kumpyansa sa sarili)

**6.Dating sa mga tagapakinig/audience impact** **5%**

**Kabuuan** **100%**

**Inklosyur Blg. 2 Memorandum Pansangay Blg. 214 s. 2014**

**2.MASINING NA PAGKUKUWENTO (Mga Tuntunin sa Paligsahan)**

2.1.Bukas ang timpalak sa mga mag-aaral sa Elementarya at sa Sekundarya. Ang kampyon sa distrito ang siyang kumakatawan sa tagisan sa kategorya ng Elementarya at pandistritong kampiyon sa kategorya ng Sekondarya.

2.2.Layunin ng paligsahan na pasiglahin ang sining ng pagkukuwento gamit ang Wikang Filipino bilang midyum sa isang paraang pupukaw sa interes o hilig ng mga mag-aaral sa pagbabasa na nakasusulat sa Wikang Filipino.

2..3 Sa pagkukuwento ang kalahok ay gagamit ng mga maaring orihinal o nailathala na, na di gaanong palasak.Maaring ito'y kuwentong bayan na may aral na nakapaloob o iba pang kwentong pambata hango sa kulturang Pilipino.

2.4. Hindi pinapayagan ang paggamit ng props,musika /sound effects at ang kasuotan ay naaayon sa pagdiriwang .

2.5. Hindi pinapayagan ang pagkakaroon ng kasama /kawaksi habang nagkukuwento ang kalahok.

2.6. Ang pagkukuwento ay hindi hihigit sa walong (8) minuto.

2.7. Magbigay ng kopya sa kwento sa mga hurado.

2.8. **Ang pamantayan sa paghahatol**

| | |
|---|---|
| Pagpili ng kwento | 10% |
| Paraan ng pagkukuwento- interaktibong pagkukuwento ( Kakayahan sa pagkwento,Casual, relaxed, conversational) | 60% |
| Uri ng Tinig, Pagbigkas at kilos | 10% |
| Kasuotan /Personalidad | 10 % |
| Reaksyon ng tagapakinig | 10 % |
| **KABUUAN** | **100%** |

**3.PAGGAWA NG SLOGAN**

3.1.Bukas ang timpalak sa mga mag-aaral sa Elementarya at sa Sekundarya. Ang kampyon sa distrito ang siyang kumakatawan sa tagisan sa kategorya ng Elementarya at pandistritong kampiyon sa kategorya ng Sekondarya.

3.2.Magdala ng mga materyales na gagamitin gaya ng ¼ illustration board, pentel pen, pencil at ruler.

3.4. Ang slogan ay sa Filipino na may sampu (10) at hindi lalampas sa labing limang salita(15).

3.5 Ang pagsasagawa ay dalawampung minuto lamang.

3.6. **Ang pamantayan sa paghuhusga:**

| | |
|---|---|
| **Kaugnayan sa Tema** | **30%** |
| **Pagkamalikhain** | **30%** |
| **Pagkaorihinal** | **30%** |
| **Kalinisan** | **10%** |
| **KABUUAN** | **100%** |

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X – NORTHERN MINDANAO
Gregorio A. Pelaez Sr. Memorial Sports Center
Velez Street, Cagayan de Oro City

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

**MEMORANDUM PANREHIYON**
**Blg. 46, s. 2014**

**PARA SA:** **MGA TAGAPAMANIHALA NG MGA PAARALAN**
**Attn: Pansangay na Tagamasid sa Asignaturang Filipino**

**BUHAT KAY:** **ATTY. SHIRLEY O. CHATTO**
Chief Administrative Officer
Officer-In-Charge
Office of the Regional Director

**PAKSA:** **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2014**

**PETSA:** **IKA-10 NG HULYO, 2014**

Alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg 63, s. 2014 ang Buwan ng Wikang Pambansa ay ipagdiriwang mula [redacted]. Ang pagdiriwang ay pangungunahan sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997.

Ang mga layunin at lingguhang gawain sa buwanang pagdiriwang ay napapaloob sa nalakip na Memorandum Pangkagawaran Blg. 63, s. 2014.

Inaasahan na ang mga pansangay na tagamasid sa asignaturang Filipino ay magsusumiti ng ulat narrative kalakip ang mga larawang dokumento sa lahat ng mga gawaing magaganap sa buong buwang pagdiriwang sa Tanggapang Panrehiyon, atensyon G. Elesio M. Maribao panrehiyong tagamasid sa asignaturang Filipino sa antas Elementarya at antas Sekundarya sa email na ito: elesio.maribao@yahoo.com

Sa mga kawani ng DepED sa buong rehiyon iminumungkahi ang paggamit ng Wikang Filipino sa lahat ng pakikitungo at pakikipag-usap sa loob ng mga tanggapan at mga paaralan.

Daglian at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito ay higit na inaasahan.